



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-27 ng Enero, 2020
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

ABANGAN ANG INYONG PAMPHLET NG SAMPOL NA BALOTA PARA SA IKA-3 NG MARSO NA ELEKSYON

Ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ay nasa kalagitnaan ng pagpapadala ng mahigit 1.8 milyong mga Pamphlet ng Sampol na Balota at Impormasyon para sa Botante sa mga nakarehistrong botante ng County ng San Diego para sa Ika-3 ng Marso na Pampanguluhang Primaryang Eleksyon. Ang lahat ng mga pamphlet ay dapat na matanggap ng mga botante sa Ika-3 ng Pebrero.

Kapag natanggap na ninyo, i-tsek ang likod para sa inyong partidong rehistrasyon. Ang inyong status sa partido ay maaapektuhan kung sinong pampanguluhang primaryang kandidato ang maaari ninyong iboto. Ang Tagapagrehistro ay hinihikayat ang mga botante na suriin ang bawat [patakaran ng mga pampulitikang partido](#) kung pinaplano ninyong bumoto para sa pangulo. Ang likod ng inyong pamphlet ay ililista rin ang inyong itinalagang lugar ng botohan.

Ang pamphlet ng sampol na balota ay naglalaman ng impormasyon sa mga botante tungkol sa mga kandidato at panukala pati na rin ang kritikal na impormasyon kaugnay sa paparating na primarya. Ang mga botante ay maaari ring tingnan ang kanilang pamphlet ng sampol na balota sa online gamit ang [Tingnan ang Aking Sampol na Balota na pahina](#) sa [sdvote.com](#).

Kung kayo ay nag-sign up upang makuha ang inyong elektronikong sampol na balota, kayo ay nakatanggap na dapat ng isang email na binibigay sa inyo ang parehong kritikal na impormasyon, kabilang ang isang link sa inyong pamphlet.

Ang mga botanteng nais maging isa sa mga unang makakakita ng kanilang sampol na balota para sa Pampanguluhang Pangkalahatang Eleksyon sa Nobyembre 2020 ay maaaring [mag-sign up](#) upang matanggap ang lahat ng mga susunod na elektronikong pamphlet ng sampol na balota. Ang mga pumipiling tumanggap ng elektronikong pamphlet ay hindi na makakakuha ng isang kopya ng



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-27 ng Enero, 2020

papel na pamplet sa koreo ngunit bibigyang abiso sa email kapag ang sampol na balota ay makikita na sa online.

Sa pansamantala, ang Tagapagrehistro ay naghahanap pa rin ng mga manggagawa sa botohan lalo na ng mga bilingguwal na manggagawa sa botohan. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 o bisitahin ang sdvote.com.

###

COUNTYNEWSCENTER  